

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKALIMANG REGULAR NA SESTON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 03 AGOSTO 1998, IKA-9:50 NG UMAGA SA BUDWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Sinel, Jr. - Tagapangulo
Kagawad Jesus S. Dela Cruz
Kagawad Cesar T. Baticos
Kagawad Ramil O. Dimapilis
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.
Kagawad Eduardo K. Soriano
Kagawad Juan S. Advincula
Kagawad Angeles D. Bautista
Kagawad Mae Arlene M. Talens
Kagawad Eduardo G. Villamin - ABC President
Kagawad Randy P. Valencia - SK Chairman

Hindi Nakadalo:

W A L A

KAPASYAHAN BLG. 037
Taong 1998

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KCG. GOBERNADOR RODOLFO G. VALENCIA UPANG MAPALITAN ANG KASALUKUYANG HEPE NG PULISYA POLICE INSPECTOR CHRISTOPHER MARCIAL ABECIA SA KAWALANG-KAKAYAHANG MAPATIGIL ANG MGA ILIGAL NA GAWAIN SA BAYANG ITO TULAD NG LOTTENG, HUWETENG AT DROGA.

SAPAGKA'T, ang mga ilegal na gawain tulad ng lotteng, huweteng at droga ay tahasang kinukundena ng mga mamamayan ng bayang ito bilang isang masamang impluwensya at sakit ng lipunan;

SAPAGKA'T, sa kasalukuyan ay laganap na naman ang mga ganitong ilegal na gawain dito sa bayan ng Roxas, Silangang Mindoro na lalong nagpahirap sa mga mamamayang nagbabakasakali sa dagli at iglap na pagkakaroon ng salapi o kasiyahang dulot ng bawal na gamot na ang epekto ay higit pang dagdag na pagpapahirap at di-kanais-nais na mga gawaing sumisira sa pagkatao, pagpapahalaga, prinsipyo, pananaw sa buhay at pakikipagkapwa ng mga taong nalululong dito;

SAPAGKA'T, sa maraming panahon at pagkakataon ang mga problema sa mga ilegal na gawaing ito ay idinudulog sa pakikipag-usap sa mga kinaukulang awtoridad - sa pulong ng Peace and Order Council, sa Sangguniang Bayan, sa mga diyalogo at pag-uusap sa mga pinuno ng mga pamayanan at sa iba't ibang sektor, at sa tuwina'y bumabalik sa mga taong may kapangyarihang magpatigil at umaresto sa mga nagpapasimuno o nagpapakalat ng mga ilegal na gawain;

SAPAGKA'T, ang mga pinuno ng Pamahalaang Bayang ito, tuwina ay nakikipag-usap sa Hepe ng Pulisiya, PI Christopher Marcial Abecia, para sa pagpapatigil ng lahat ng gawaing ilegal subali't hanggang sa kasalukuyan, wala itong nagawa, una marahil, sinasabing kung makahuli man ay wala namang Hukom ang Municipal Trial Court na lilitis ng kaso at pangalawa, ang personal na dahilang malimit ay wala sa bayan ng Roxas ang nasabing Hepe;

SAPAGKA'T, gayundin naman si PSI Luisito Cruzata Bolivar, pinuno ng 411th Provincial Mobile Group sa Camp Gozar sa bayang ito, ay wala ring suportang naitulong upang mapatigil o masugpo ang lotteng, huweteng at droga na batay sa reklamo ng mga apektado ay dahil sa koneksyon sa higit na nakatataas na maykapangyarihan;

SAPAGKA'T, sa pulong ng panlalawigang Peace and Order Council, ipinaalam ng namumuno ng bayan ng Roxas sa Kgg. na Gobernador Rodolfo G. Valencia at sa Provincial Director Romeo A. Aduru ang lamanap na lotteng at iba pang ilegal sa bayang ito kung saan ipinangako ng nabanggit na nakatataas na mga pinuno ang tulong at pagpapatupad ng nararapat upang mapahinto ang mga di-kanais-nais na gawain;

SAPAGKA'T, ang layunin ng ating pamahalaan mula sa Pangulo ng Pilipinas hanggang sa pinakamaliit na yunit ng pamahalaang bayan ay ang maging malinis at ligtas sa mga ilegal na sugal at droga ang mga pamayanan upang makapamuhay nang mapayapa, maayos at maunlad ang mga mamamayan sa pagtutulongan ng mga namumuno at pinamumunuan;

SAPAGKA'T, kung ang mga inaasahang magpapatupad ng batas ay walang kakayahang maipatupad ito, nararapat lamang magkaroon dito ng pagbabago at sa temang ito, ng pagpapalit ng taong may magagawa para sa ikabubuti ng mga mamamayan;

SAPAGKA'T, napagkaisahan ng Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro at ng pamunuan ng bayang ito sa kahilingan na rin at karamihan ng mga mamamayan na mapitagang hilingin sa Kgg. Gobernador Rodolfo G. Valencia na tulungang mapalitan ang kasalukuyang Hepe ng Pulisiya PI Christopher Marcial Abecia at ang pinuno ng 411th Provincial Mobile Group PSI Luisito Cruzata Bolivar sa kanilang kawalang-kakayahang mapatigil ang mga ilegal na gawaing lamanap sa bayan ng Roxas tulad ng lotteng, huweteng at droga.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kag. Juan S. Asvinula na pinangalawahan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang hilinging mapalitan ang kasalukuyang Hepe ng Pulisiya PI Christopher Marcial Abecia at gayundin ang pinuno ng 411th Provincial Mobile Group PSI Luisito Cruzata Bolivar ng mga taong may higit na tapang ng loob at prinsipyo upang mapahinto ang mga ilegal na gawain sa bayang ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Kgg. Gobernador Rodolfo G. Valencia ng Silangang Mindoro para sa kinakailangang tulong sa kahilingang ito para sa kabutihan at kapayapaan at pag-unlad ng Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi si Provincial Director Romeo A. Aduru, Provincial Headquarters, Calapan City at sa Kgg. Pangulong Joseph Ejercito Estrada, Department of the Interior and Local Government, A. Francisco Gold Condominium II Bldg., EDSA cor. Mapagmahal St., Diliman, Quezon City para sa kanilang kaalaman at kinakailangang aksyon.


Pinagtibay ng lahat.

03 Agosto 1998


PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATUTUNAYAN:


GONZALO C. SINEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DINAPILES
Punong Bayan

merz/